Ang Inahing Manok na May Gintong Itlog

Contributed by Administrator
Thursday, 03 July 2008

May isang babaing nakabili ng buhay na manok sa palengke. At nang ito'y kanyang iuwi sa bahay upang alagaan, laking gulat niya ng mangitlog ito. Sapagkat ang itlog ng manok na iyon ay ginto!.
Laking tuwa ng babae sa kanyang natuklasan! Tiyak na ito ang magbibigay sa kanya ng kayamanan!.
Ngunit ang manok ay minsan lang sa isang buwan kung mangitlog.
Hindi naglaon, hindi na naging sapat sa karangyaang pamumuhay ng babae ang minsang pangingitlog ng manok.
Upang makarami, naisip ng babae na baka kapag pinakain niya ng pinakain ang manok ay mas dumalas ang pangingitlog nito.
Ganito nga ang kanyang ginawa. Pinakain niya ng pinakain ang manok hanggang sa ito ay mabundat.
At dahil dito: namatay ang kawawang manok.
Sising-sisi ang babae sa kanyang ginawa. Nang dahil sa kanyang kasuwapangan, ang manok ay namatay. At ngayon, mas lalo pa siyang nawalan.MENSAHE:
Ang pagkagahaman any walang mabuting kahihinatnan. Ang naghahangad ng maraming bagay sa maling paraan ay mas higit pang nawawalan.